Disability Nondiscrimination Plan ng Illinois EPA

Ang Illinois EPA ay nakatuon sa pagbibigay ng oportunidad sa mga indibidwal na may mga kapansanan para sa buong pakikibahagi sa mga programa, serbisyo, at aktibidad nito sa pamamagitan ng pagsunod nito sa Seksyon 504 ng Rehabilitation Act ng 1973 at sa Americans with Disabilities Act (ADA) ng 1990, na inamyendahan ng ADA Amendments Act ng 2008.[1]

Kinikilala ng Illinois EPA na ang mga indibidwal na may mga kapansanan ay maaaring mangailangan ng mga akomodasyon o pagbabago[2] upang magkaroon ng pantay na pagkakataon na lumahok o makinabang sa mga programa, serbisyo, at aktibidad ng Illinois EPA.

Patakaran ng Illinois EPA na walang sinumang kalipikadong indibidwal na may kapansanan ang tatanggihan ng akses o pakikibahagi sa anumang programa, serbisyo, o aktibidad na inaalok ng Illinois EPA. Ang Illinois EPA ay mangangasiwa ng mga programa, serbisyo, at aktibidad sa pinakaintegradong setting na naaangkop sa mga pangangailangan ng mga kalipikadong indibidwal na may kapansanan.[3]

Libreng ibibigay ng Illinois EPA ang naaangkop na mga karagdagang tulong at serbisyo kabilang ang, halimbawa, mga kalipikadong interpreter sa mga indibidwal na bingi o mahina ang pandinig, at sa iba pang mga indibidwal kung kinakailangan para matiyak ang epektibong komunikasyon o pantay na oportunidad na makibahagi nang lubos sa mga programa, serbisyo, at aktibidad na ibinibigay ng Illinois EPA sa isang napapanahong paraan at sa paraang mapoprotektahan ang pagkapribado at kalayaan ng indibidwal.

Ang mga indibidwal na may kapansanan ay may karapatang humiling ng mga akomodasyon. Ang mga indibidwal ay makakatanggap ng mga akomodasyon na angkop sa kanilang mga pangangailangan upang ganap na makibahagi o makinabang sa mga serbisyo at aktibidad ng Illinois EPA sa isang walang diskriminasyon at integradong setting.

Ang Illinois EPA at ang sinuman sa mga ahente nito ay hindi mamimilit, mananakot, gaganti, o magdidiskrimina laban sa sinumang indibidwal para sa paggamit ng karapatan sa ilalim ng ADA o Seksyon 504, o para sa pagtulong o pagsuporta sa iba na gumamit ng karapatan sa ilalim ng ADA o Seksyon 504.

Ang Programa at Polisiyang ito ay naaangkop sa lahat ng subrecipient, ahente, at kontratista ng Illinois EPA.

Mga Depinisyon

A. Ang kapansanan ay nangangahulugan, patungkol sa indibidwal, na:

   1. pisikal o mental na kapansanan na lubos na naglilimita sa isa o higit pa sa mga pangunahing aktibidad sa buhay ng tao;
   2. kasaysayan ng naturang kapansanan; o

---

[1] Ipinagbabawal din ng Illinois EPA ang diskriminasyon sa pagbibigay ng trabaho, kabilang kung batay sa kapansanan. Para sa polisiya ng Illinois EPA sa diskriminasyon sa pagbibigay ng trabaho, tingnan ang Illinois EPA Employee Handbook, Chapter 1.

[2] Ang Seksyon 504 ng Rehabilitation Act ay tumutukoy sa mga makatwirang akomodasyon, samantalang ang Title II ng ADA ay tumutukoy sa mga makatwirang modipikasyon. Para sa mga layunin ng dokumentong ito, ang “akomodasyon” ay tumutukoy sa pareho.

[3] *Tingnan ang* 40 C.F.R. § 7.55.

3. itinuturing na may gayong kapansanan.

B. Ang Kalipikadong Indibidwal na may Kapansanan ay isang tao na (may akomodasyon o wala) nakakatugon sa mahahalagang kahingian sa pagiging karapat-dapat para sa pakikibahagi sa mga programa, serbisyo, at aktibidad ng Illinois EPA.

C. Ang akomodasyon ay nangangahulugang mga pagsasaayos kabilang ang mga rasonableng pagbabago sa mga panuntunan, patakaran, o kasanayan; mga pagsasaayos sa kapaligiran gaya ng pagtanggal ng mga hadlang sa arkitektura, komunikasyon, o transportasyon; o mga karagdagang tulong at serbisyo. Kabilang sa mga halimbawa ng mga akomodasyon ang, ngunit hindi limitado sa: eskriba, interpreter, kapaligirang walang mga distraksiyon, materyal na naka-Braille, mga tape, at instruksiyon sa tulong ng computer.

Tagapag-ugnay ng Nondiscrimination

Ang Tagapag-ugnay ng Nondiscrimination ang bahala sa koordinasyon ng mga pagsisikap ng Illinois EPA na sumunod sa Seksyon 504[4] at ADA,[5] kabilang ang pagtiyak sa mga sumusunod:

A. Gagamit at padadaliin ng Illinois EPA ang akses sa angkop na mga format (hal., pinalaki, Braille, naka-tape na audio):

1. isang pamamaraan na nagbibigay-daan sa indibidwal na ibunyag ang isang kondisyong nakakalimita at humiling ng mga akomodasyon na pinaniniwalaang kailangan para makakuha ng pantay na pag-access sa at magpapangyari ng partisipasyon sa mga programa, serbisyo, at aktibidad ng Illinois EPA;
2. isang pamamaraan para sa pagpapanatili ng personal na impormasyon sa paraang nagpoprotekta sa pagkapribado at kalayaan ng indibidwal; at
3. isang pamamaraan para sa pagbibigay ng akomodasyon.

B. Ang Illinois EPA ay magpapanatili ng datos sa uri at lawak ng mga serbisyong ibinibigay sa mga indibidwal na may kapansanan at bubuo ng mga kahingian sa pagkolekta ng datos bilang bahagi ng mga patnubay sa pagpapatakbo para sa pagpapatupad ng polisiyang ito.

C. Magbibigay ang Illinois EPA ng mga akomodasyon para bigyan-daan ang mga indibidwal na may kapansanan na makibahagi sa o makinabang mula sa Illinois EPA at sa mga programa, serbisyo, at aktibidad nito sa pinaka-integradong setting na naaangkop.

D. Gagamitin ng Illinois EPA ang mga pamamaraan sa karaingan na itinakda sa programa at polisiya nito para sa walang diskriminasyon sa pagbibigay ng maagap at makatarungang solusyon sa mga reklamo na nag-aakusa ng anumang aksyon na lumalabag sa Title II ng ADA o Seksyon 504. Ang mga pamamaraan ng karaingan na ito ay matatagpuan sa 4 Ill. Adm. Code Part 925 (Illinois EPA – Americans with Disabilities Act Grievance Procedure), at nalalapat sa anumang inaasahang reklamo o karaingan, kabilang ang apela ng tinanggihang kahilingan sa akomodasyon.

E. Magbibigay ang Illinois EPA ng mga serbisyo na kinakailangang sumunod sa ADA at Seksyon 504 nang walang bayad.

---

[4] *Tingnan ang* 40 C.F.R. § 7.85(g): “Kung may labinlima (15) o higit pang mga empleyado ang Illinois EPA, dapat itong magtalaga ng kahit man lang isang tao para sa koordinasyon ng mga pagsisikap nitong sumunod sa mga obligasyon nito sa ilalim ng [40 C.F.R. Bahagi 7].”

[5] Tandaan na ipinatutupad ng EPA ang Seksyon 504 ng Rehabilitation Act ng 1973, ngunit hindi ang Title II ng ADA. Ang mga sanggunian sa ADA ay isinama dahil ang Illinois EPA ay obligadong sumunod sa ADA Title II anuman ang katayuan nito bilang tagatanggap ng pederal na tulong pinansyal.

F. Ang Illinois EPA ay magbibigay ng pana-panahong in-service na pagsasanay para sa mga kawani upang mabuo ang kanilang kamalayan at pang-unawa sa mga pangangailangan ng mga indibidwal na may mga kapansanan at mga isyu sa pagsunod sa batas.

Aksesibilidad sa Pasilidad

Alinsunod sa pagtatasa sa sarili ng Illinois EPA, isasaalang-alang ng Illinois EPA kung gaano "kapubliko ang mga pasilidad" ng Illinois EPA o kung paano ito gagamitin ng publiko. Ang Illinois EPA ay magpapatakbo ng mga programa at aktibidad nito mula sa mga pasilidad na iyon na naaayon sa 40 C.F.R. § 7.65 para, kapag tiningnan ang kabuuan ng bawat programa o aktibidad, madali itong maakses at magagamit ng mga indibidwal na may kapansanan.

A. Umiiral na mga Pasilidad:

1. Ang mga pagbabago sa estruktura sa mga kasalukuyang pasilidad ay hindi kinakailangan kapag nagbibigay ang ibang mga pamamaraan ng aksesibilidad sa programa. Kabilang sa mga ganitong pamamaraan ang:

    a. Muling pagdidisenyo ng kagamitan o ng pasilidad pagkatapos ng pagsusuri ng kaso.
    b. Paglalaan ng naaangkop na karatula na nagdidirekta sa mga tao sa mga bagay na maaakses.
    c. Muling pagtatalaga ng mga kawani o mga serbisyo sa mga aksesibol na mga site.

2. Bubuuin ng Illinois EPA ang mga pamamaraan ng paglikas para sa mga indibidwal na may mga kapansanan.

B. Bagong Konstruksiyon:

Ang bawat pasilidad o bahagi ng pasilidad na itinayo ng, sa ngalan ng, o para sa paggamit ng Illinois EPA ay dapat na idisenyo at itayo sa paraang madaling maakses ang pasilidad at magagamit ng mga taong may kapansanan. Hanggang maaari, ang mga pagbabago sa mga kasalukuyang pasilidad ay dapat na idisenyo at itayo nang isinasaalang ang aksesibilidad at magagamit ng may mga kapansanan.

C. Sa Labas ng Campus:

Dapat makita sa mga kasunduan sa kontrata o pag-upa para sa paggamit ng mga pasilidad na hindi pag-aari ng Illinois EPA ang mga pagsisikap na matiyak ang aksesibilidad. Aksesibol dapat anumang programa, serbisyo, o aktibidad sa pasilidad na iyon. Kung hindi ganap na pinapatakbo ng Illinois EPA ang programa, serbisyo o aktibidad susubukan ng Illinois EPA na tiyakin na ang mga programa, serbisyo o aktibidad na ito, sa kabuuan, ay nagbibigay ng pantay na pagkakataon para sa paglahok ng mga indibidwal na may mga kapansanan.

Mga Akomodasyon:

Walang kalahok na may kapansanan sa isang programa, serbisyo o aktibidad ng Illinois EPA ang aalisan ng mga benepisyo sa, hindi isasama sa paglahok sa, o kung hindi man ay madidiskrimina laban sa probisyon ng mga serbisyong magagamit ng lahat ng indibidwal sa pangkalahatan.

May pananagutan ang bawat indibidwal sa paggawa ng mga kahilingan tungkol sa mga akomodasyon para matugunan ang kanilang mga partikular na pangangailangan para maibigay ng Illinois EPA ang naaangkop na tugon sa kahilingan sa akomodasyon.

Ang lahat ng karagdagang tulong, serbisyo, o iba pang akomodasyon na ginagamit ng mga indibidwal na may kapansanan para maakses ang mga programa, serbisyo, at aktibidad ng Illinois EPA ay hindi kinakailangang

nariyan sa lahat ng oras.

Hindi kinakailangan ang mga akomodasyon na pangunahing nagbabago sa katangian ng programa, serbisyo, o aktibidad; nangangailangan ng waiver ng mahahalagang programa o mga kahingian sa paglilisensya;
lumalabag sa mga kahingian sa akreditasyon; o magdulot ng hindi nararapat na piskal o administratibong pasanin sa Illinois EPA.

Sa pagtukoy ng naaangkop na mga akomodasyon, kinokonsidera ng Illinois EPA ang mga kagustuhan ng indibidwal, at sa ilang naaangkop na mga pangyayari, halimbawa, ang dokumentasyong ibinigay at institusyonal na kadalubhasaan sa pakikipagtulungan sa mga indibidwal na may mga kapansanan.

Hindi hihingin ng Illinois EPA ang isang indibidwal na may kapansanan na tumanggap ng isang akomodasyon, tulong, serbisyo, pagkakataon o benepisyo sa ilalim ng anumang mga pangyayari.

Buod ng Pamamaraan ng Karaingan

Ang “karaingan” ay anumang reklamo sa ilalim ng ADA ng isang indibidwal na may kapansanan na nakakatugon sa mga pangunahing kahingian ng pagiging karapat-dapat para sa pakikilahok sa o pagtanggap ng mga benepisyo ng isang programa, aktibidad, o serbisyong inaalok ng Ahensiya, at naniniwalang siya ay hindi isinama sa, o pinagkaitan ng mga benepisyo ng, anumang programa, serbisyo, o aktibidad ng Ahensiya o nakaranas ng diskriminasyon mula sa Ahensiya.

Kung nais ng isang indibidwal na maghain ng isang pormal na nakasulat na reklamo, ang indibidwal ay dapat na agad, ngunit hindi lalampas sa 180 araw pagkatapos ng sinasabing diskriminasyon, maghain ng karaingan sa Tagapag-ugnay ng Nondiscrimination nang nakasulat sa form ng karaingan na itinakda para sa layuning iyon. Ang form ng karaingan ay dapat punan nang buo upang makatanggap ng wastong pagsasaalang-alang ng Tagapag-ugnay ng Nondiscrimination.

Kapag hiniling, magbibigay ng tulong ang Ahensiya sa pagkompleto ng form ng karaingan. Iimbestigahan ng Tagapag-ugnay ng Nondiscrimination, o ng kaniyang kinatawan, ang reklamo at gagawa ng makatwirang pagsisikap para malutas ito. Ang Tagapag-ugnay ng Nondiscrimination ay magbibigay ng nakasulat na tugon sa nagrereklamo at sa Direktor ng Ahensiya sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo pagkatapos matanggap ang form ng karaingan.

Kapag naipahayag sa Ahensiya ang hangarin ng isang indibidwal na maghain ng pormal na reklamo, itituro nito sa indibidwal kung paano makakatanggap ng isang kopya ng pamamaraan ng karaingan at ng form ng karaingan, na makukuha sa 4 Ill. Adm. Code Part 925. Nakalakip din sa planong ito ang isang kopya ng form ng karaingan.